JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhanduhunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalamppuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 8
## Uri ng Pangungusap sa Pakikipagdebate Tungkol sa Isang Isyu



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Virgincita G. Laborte, Juliet V. Baylon
**Editor:** Dionesia T. Labora
**Tagasuri:** Betty P. Ulgasan, Grazel E. Omas
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:**
**Tagalapat:** Florencio R. Caballero, DTE
**Tagapamahala:** Marajani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS – LRMDS

Josephine M. Tomboc, EdD
EPS - Fillipino



# Alamin

Kumusta na?

Natandaan mo pa ba ang mga uri ng pangungusap? May mga napakinggan ka na bang mga salaysay  na kung saan ay binubuo ng dalawang pangkat na nagdedebate tungkol sa isang isyu? Pakinggan ang kanilang mga salaysay at kung anong uri ng pangungusap ang mga ito.

Sabik ka na ba sa bago nating aralin? Halika umpisahan na natin.

Inaasahan ko na magagawa mo ang sumusunod pagkatapos :

- Nagagamit ang mga uri ng pangungusap sa pakikipagdebate tungkol sa isang isyu **(F4PS-IVh-j-14)**
- Naibibigay ang buod o lagom ng debateng binasa **(F4WG-IVh-j-13.6)**
- Nakapaghahambing ng iba't ibang debateng napanood **(F4PB-IVf-j-16, F4PDIV-g-i-9)**
- Naibabahagi ang obserbasyon sa mga taong kabahagi ng debate. **(F4PS-IVh-j-14)**



# Balikan

Mahilig ka bang makipag-usap sa iyong kaibigan o kaklase? Mahusay kung gayon. Tiyak nagagamit mo ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pakikipagtalastasan.

Sa modyul 7, iyong natutuhan ang apat na uri ng pangungusap.

Ngayon, muli nating balikan. Ano-ano ang mga uri ng pangungusap? Paano ito ginagamit? Anong bantas ang angkop sa bawat uri ng pangungusap? Nakapanood naba kayo ng isang debate? Ano ang debate? Paano ito isinasagawa?

**A. Panuto:** Basahin nang may pang-unawa ang mga pangungusap sa ibaba. Isulat sa patlang kung anong uri ng pangungusap ang sumusunod:

___________1. Naglabasan ang mga tao sa kani-kanilang mga bahay.

___________ 2. Ang anak ko! Diyos ko, nasa loob ba'ng anak ko!

___________ 3. Nakita ko si Kuya na dumating.

___________ 4. Bakit ang tagal mong umuwi?

___________ 5. Pumasok ang bata sa isang butas ng gusali.

___________ 6. Saan ka nanggaling?

___________ 7. Pakikuha ng gamit ko sa sasakyan.

___________ 8. Naku! may ahas!

___________ 9. Sino ang mga magulang mo?

___________ 10. Yehey, nanalo ako sa paligsahan!



# Tuklasin

**Gawain:**

Ilahad ang proposisyong pagtatalunan upang magamit ang mga uri ng pangungusap sa pakikipagdebate.

**Panuto:** Maglista ng limang (5) pangungusap na napakinggan ninyo mula sa nabasang pahayag tungkol sa pakikipagdebate at alamin kung anong uri ng pangungusap ang inyong napili.





# Suriin

Masusukat ang iyong mabisang pakikinig sa isang pagtatalo sa pamamagitan ng iyong obserbasyon sa mga taong nagtatalo tungkol sa isang isyu.

Ang pagtatalo o debate ay binubuo ng pangangatwiran ng dalawang koponan na magkasalungat ng panig tungkol sa paksang napagkaisahang pagtatalunan.

Ang paksang pinagdedebatihan ay tinatawag na proposisyon. Ito'y isang pangungusap na nilalayong patunayan ng panig na sang-ayon sa pamamagitan ng mga argumento. Nagsasaad ito ng isang bagay na maaaring tutulan at panigan kaya mapagtatalunan.Ang pagtatalo ay hindi isang pag-aaway sapagkat ito'y pagpapaliwanag lamang ng mga katwiran o saloobin ng bawat panig na maaaring gawaing pasulat o pasalita.Mayroon din itong isang moderator na tagapamagitan upang matiyak na magiging maayos ang daloy ng debate.

Ngayon naman ay basahin at unawain mong mabuti ang isang isyung pinagtatalunan ng dalawang pangkat at ibahagi ang obserbasyon sa mga taong kabahagi nito sa pamamagitan ng pagamit sa apat na uri ng pangungusap.

Huwag po nating patagalin pa, bilang panimula, tayo po ay tutungo na po kaagad sa ating Round One. At ang una pong magtatanong dito sa ating Round One, ang atin pong guro sa Filipino dito sa ating paaralan.

**Pangkat 1**: Sang-ayon sa pagtatapos sa pag-aaral

**Pangkat 2**: Hindi sang-ayon sa pagtatapos sa pag-aaral







**“Pag-aaral o Hindi Pag-aaral”**

**Titser Virgie**: Ang tanong ko ay para sa pangkat 1. Bilang chairperson po ng komite na naglalayong malaman ang mga kahahantungan ng mga batang nagsisikap mag-aral at ang hindi mag-aral. Ano ba ang dahilan bakit ayaw na ninyong mag-aral?

**Pangkat 1**: “Naku! wag kayong magsabi ng ganyan! “Mas marami ang nakapagtrabaho sa gobyerno na nakapagtapos sa pag-aaral at kahit na sa mga pribadong ahensya” pati na rin sa labas ng bansa. Mas maraming naghirap na mga kababayan


**Pangkat 2**: Napag-isipan namin na hindi na kami tutuloy sa pag-aaral dahil wala namang yumayaman sa pag-aaral yung iba nga nagtapos pero wala namang trabaho hanggang ngayon. Mabubuhay naman kami sa piling ng aming mga magulang.


**Pangkat 1**: Ay, Naku! Hindi naman kailangang yayaman ang importante meron kaming makakain dahil marunong naman kaming magtrabaho. Nakakapagod ang pag-aaral! Maraming pinapagawa ang guro.


**Pangkat 2**: “Naku! wag kayong magsabi ng ganyan! “Mas marami ang nakapagtrabaho sa gobyerno na nakapagtapos sa pag-aaral at kahit na sa mga pribadong ahensya” pati na rin sa labas ng bansa. Mas maraming naghirap na mga kababayan natin ngayon na walang pinag-aralan “Isipin nyo yan”. “Iba ang yaman ng magulang”. Lahat ng tao ay mawawala. “Ano ang ipapakain mo sa iyong pamilya pagdating ng panahon? Lalo na pag wala ka nang pera at wala ka namang trabaho.

**Pangkat 1**: Pag ayaw ninyong mag-aral, marami din namang gawain sa bahay. Hindi ba kayo napapagod? Utos dito,utos doon gaya ng: Linisin mo ang bahay anak. Bumili ka ng makakain natin. Pakainin mo ang aso. Magsaing ka. At kung ano-anu pa. Nakakapagod din.

**Titser Virgie**: Alam ninyo mga bata, mahalaga talaga ang pag-aaral dahil ito lang ang tanging kayamanan na maipamana ng ating mga magulang na hindi mananakaw kahit nino man. Kaya nga napakahalaga sa atin ang makapagtapos sa pag-aaral dahil malaki ang tyansa na magkaroon tayo ng magandang bukas at para makamit natin ang magandang buhay.









## "Wikang Cebuano O Wikang Filipino"





**Pangkat 1**: Bilang Pilipino ako ay pumanig sa Wikang Filipino para sa pagkakaisa at pagbubuklod ng lahat iisa lamang ang ating pambansang wika.

**Pangkat 2**: Hindi n'yo ba alam na ang Wikang Ingles ay isang wikang pandaigdig? May computer, may internet, may facebook at iba pa. Ito'y pagbabago na wikang Ingles ang simula.

**Pangkat 1**: Alam n'yo ban a sa ating mundo ay marami na ang pagbabago? Pagbabago at teknolohiya patuloy nap ag-aasenso ngunit marami pa rin ang naghihirap na mga Pilipino nararapat talaga na ang wikang kinagisnan natin ang dapat nating gamitin dahil ito'y salamin ng ating pagkatao.

**Pangkat 2**: Makinig kayo. Ang Wikang Ingles ay wikang universal. Ito ang ginagamit natin sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang bansa upang madaling magkakaunawaan.

**Pangkat 1**: Bilang isang Pilipino, mas mahalaga na mas hasain natin an gating sariling wika kay sa wikang banyaga dahil ang wikang Filipino ang nagsisimbolo ng ating pagka Pilipino.

**Pangkat 2**: Marami din naming impormasyon sa internet na Ingles ang ginagamit.

**Gawain:**

**Panuto:** Ibigay ang buod ng binasang debate sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusnod na mga tanong. Isulat ito sa inyong sagutang papel.

1. Ano ang dalawang paksa na binasang debate?
   Sagot: ______________________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________.

2. Ano ang pinag-usapan sa debate?
   Sagot: ______________________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________.

3. Bakit mahalaga ang pag-aaral?
   Sagot: ______________________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________.



# Pagyamanin

**Gawain A**

**Panuto:** Paghambingin ang dalawang debateng nabasa sa pamamagitan ng talahanayang makikita sa ibaba.

| | | |
|---|---|---|
| **Proposisyon** | | |
| **Paksa** | | |
| **Kalahok** | | |

**Gawain B**

**Panuto:** Gumawa ng isang obserbasyon sa mga taong kabahagi ng debateng nabasa **"Pag-aaral o Hindi Pag-aaral".**

_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
__________________..



# Isaisip

**Panuto:** Hanapin ang nawawalang salita sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| Debate | daloy | dalawa |
| Pag-aaway | obserbasyon | katwiran |

Ang 1. __________________ ay binubuo ng pangangatwiran ng 2. ______________ koponan na magkasalungat ng panig. Ang pagtatalo o pagdedebate ay hindi isang 3.____________ sapagkat itoy pagpapaliwanag lamang ng mga 4.___________. Sa isang pagdedebate, kailangan ang isang moderator upang matiyak na Magiging maayos ang 5.____________ ng isang debate.



# Tayahin

**Panuto:** Piliin ang wastong uri ng pangungusap at isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. Naku! Wag kayong magsabi ng ganyan!
   A. pasalaysay C. pautos
   B. patanong D. padamdam

2. Iba ang yaman ng mga magulang.
   A. pasalaysay C. pautos
   B. patanong D. padamdam

3. ang inyong ipapakain sa inyong pamilya?
   A. Ano pasalaysay C. pautos
   B. patanong D. padamdam

4. Kunin mo nga ang bag ko.
   A. pasalaysay C. pautos
   B. patanong D. padamdam

5. Walang yumayaman sap ag-aaral.
   A. pasalaysay C. pautos
   B.patanong D. padamdam



# Karagdagang Gawain

**Panuto**: Para mas lalong lumawak ang iyong kaalaman lalo na sa paggamit ng tamang
uri ng pangungusap.Gumawa ng maikling kwento sa sarili at ipahayag ang iba't-ibang saloobin na nagpapahayag ng mga salaysay gamit ang apat na uri ng pangungusap.

**"Maikling Kwento Tungkol sa Sarili"**

# Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN:**

1.pasalaysay
2.padamdam
3.pasalaysay
4.patanong
5.pasalaysay
6.patanong
7.pautos
8.padamdam

**TUKLASIN:**

Maaring magkaiba ang sagot ng mga bata

**PAGYAMANIN:**

**GAWAIN A.**

| | | |
|---|---|---|
| Proposisyon | Pag-aaral | Wikang Filipino |
| Paksa | Pag-aaral o Hindi pag-aaral | Wikang Filipino o Wikang Ingles |
| Kalahok | Mga mag-aaral | Mga mag-aaral |

**TAYAHIN:**

1.D
2.A
3.B
4.C
5.A

**PAGYAMANIN:**

Gawain B
Maaring magkaiba ang sagot ng mga bata

**SURIIN:**

1. Pag-aaral o Hindi Pag-aaral at Wikang Filipino o Wiakng Ingles

2-3 Maaring magkaiba ang mga sagot ng mga bata

**ISAISIP:**

1.debate
2.dalawa
3.pag-aaway
4.katwiran o saloobin
5.daloy

## Sanggunian


"[Butterfly clipart]." Accessed December 2020. https://www.graphicsfactory.com/clip-art/image_files/image/9/597799-butterfly002PR_bw.gif.

"[Classroom teacher with children]." Accessed December 2020. https://thumbs.dreamstime.com/b/teacher-students-class-black-white-coloring-book-page-children-classroom-front-chalkboard-illustration-152000867.jpg.

"[Classroom teacher with children]." Accessed December 2020. https://banner.uclipart.com/20200112/vqu/classroom-cartoon-black-and-white.png.

"[Teacher clipart]." Accessed December 2020. https://www.picturesof.net/_images_300/A_Black_and_White_Cartoon_Teacher_At_a_Whiteboard_Royalty_Free_Clipart_Picture_100606-178400-570053.jpg.

"[Thinking clipart]." Accessed December 2020. https://webstockreview.net/images/clipart-summer-job-11.png.

"[Tinkerbell clipart]." Accessed December 2020. https://1.bp.blogspot.com/_36SFFFDlygA/SnFyJNMFEoI/AAAAAAAABqw/uJaYzLKBX1o/w1200-h630-p-k-no-nu/cartoon-tinkerbell-free-coloring-pages-16.jpg.

Angelo. "Filipino 5 lesson plan." January 21, 2019. https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fwww.scribd.com%2Fdocument%2F401593551%2F5-Jan-21-19-Lesson-Plan-Filipino-5-Jan-24-2018&psig=AOvVaw0rUSHOlRCSgTANLfKW5YVH&ust=1608206887458000&source=images&cd=vfe&ved=0CAIQjRxqFwoTCICo-di70u0CFQAAAAdAAAAABAX.